

# Nagbibigay ang AT&T ng Tulong sa Mga Kostumer na Apektado ng Sakuna

## Mga Kostumer sa Wireline

Ang mga kostumer ng AT&T wireline at VoIP na telepono sa mga apektadong lugar ay maaaring tumawag para sa tulong sa kostumer kasama na ang hindi pagsingil sa mga bayarin para sa remote na call forwarding at voicemail.

## Mga Waiver sa Pangresidensyal at Pangnegosyong Wireline

Ang mga sumusunod ay mga bayarin na maaaring hindi singilin para sa mga kwalipikadong kostumer:

- Waiver para sa isang beses na bayarin sa aktibasyon para sa pagtataguyod ng Remote na Call Forwarding, Remote Access para sa Call Forwarding, mga tampok ng Call Forwarding at mga serbisyo ng Messaging.
- Waiver para sa buwanang halaga sa isang buwan para sa Remote na Call Forwarding, Remote Access sa Call Forwarding, mga tampok ng Call Forwarding at mga serbisyo ng Messaging.
- Waiver para sa singil sa serbisyo sa pag-install ng serbisyo sa pansamantala o bagong permanenteng lokasyon ng kostumer at muli, kapag bumalik ang kostumer sa mga orihinal na lugar.
- Waiver para sa bayad sa isang jack at nauugnay na mga kable sa pansamantalang lokasyon hindi alintana kung may plano ang kostumer sa Panloob na Kable.
- Waiver para sa bayad sa hanggang sa limang libreng jack at nauugnay na mga kable para sa mga kostumer ng Plano sa Panloob na Kable sa kanilang pagbabalik sa permanente nilang lokasyon.
- Waiver para sa bayad sa isang libreng jack at nauugnay na mga kable para sa mga kostumer na walang Plano sa kanilang pagbabalik sa permanente nilang lokasyon.

Para makumpirma ang iyong kwalipikasyon para sa mga waiver na ito o para sa anumang iba pang tulong sa kostumer, mangyaring tawagan ang isa sa mga numero ng pangangalaga sa kostumer na nakalista sa ibaba:

**Mga pangresidensyal na kostumer: 877-241-1787, 2**

**Maliit na Negosyo: 800-321-2000**

**Pangangalaga sa Kostumer na Negosyo: 877-937-5288, prompt 4.**

**Paalala:** Ang mga kostumer na negosyo ay mangangailangan ng isang tracking number, isang asset ID number, o isang ticket number.

Pinapanatili ng California LifeLine na konektado ang mga kabahayan na mababa ang kita sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga diskwento sa mga singil sa koneksyon sa telepono at buwanang pangunahing singil sa serbisyo sa pangresidensyal na telepono. Para malaman ang higit pa tungkol sa kwalipikasyon para sa mga diskwento, bisitahin ang <https://www.att.com/home-phone/lifeline/>.

Ang mga taong nakakaranas ng suliranin sa paningin, pandinig at pagsasalita, mga hamon sa pag-iisip, pagkilos, at pagtanda ay maaaring tumawag sa AT&T Accessibility Assistance Center sa 1-800-772-3140.